PRAYMER HINGGIL SA
HUMAN SECURITY ACT

Matapos ang malawakang pandaraya at karahasang dala ng eleksyon nitong Mayo, sa darating na Hulyo, panibagong lagim ang haharapin ng sambayanang Pilipino mula sa rehimeng US-Arroyo. Sa pamamagitan ng mabilisan at tusong paraan, agad-agarang ipinapasa ang Human Security Act (HSA) of 2007 (Republic Act 9372) noong Pebrero 19 ngayong taon.

Layunin ng praymer na ito na talakayin ang HSA, kung paano nito patitindihin ang paglabag sa mga demokratikong karapatan ng mga manggagawang Pilipino, at kung ano ang nararapat nating gawin upang labanan ito.

1 Ano ang Human Security Act o HSA?

Ang Human Security Act ay ang dating Anti-Terrorism Bill - binalutan at dinamitan nang bagong pangalan para mag-amoy at magmukhang kaiga-igaya.batas. Sa katunayan, ito ang ibig sabihin ng buong titulo ng HSA: *"AN ACT TO SECURE THE STATE AND PROTECT OUR PEOPLE FROM TERRORISM."*

Layunin ng batas na ito na labanan ang diumano'y terorismo o ang anumang banta nito sa bansa. Sa pagpasa nito, magkakaroon na raw ang bansa ng mabisang armas laban sa paghahasik ng lagim ng mga terorista. Pero ang totoo, ito ay gagamitin lamang para bigyang legalidad ang nangyayaring malawakang terorismo ng estado na isinasagawa ng Rehimeng US-Arroyo laban sa mamamayan.

Sunod ang HSA sa disenyo ng pandaigdigang "gera laban sa terorismo" na idineklara ni George Bush, Pangulo ng US, matapos ng pagpapasabog sa World Trade Center sa pusod ng US noong Setyembre 2001.. Ang "gera laban sa terorismo" ay tusong ginagamit ni George Bush para bigyang katwiran ang layunin nitong higit na palawakin ang pagkontrol nito sa iba't ibang bahagi ng daigdig laluna sa mga bansang mahigpit na lumalaban sa paghahari-harian nito. Ginagamit din ito para atakehin ang mga makabayan, progresibong kilusan na stratehikong banta sa paghahari ng imperyalismo sa sandaigdigan. Sa ilalim ng iskemang ito ay idenekalara ng US ang Pilipinas noong 2002 bilang ikalawang larangan ng digmaan (o "second

front in the war against terrorism") sunod sa Afghanistan at Iraq. Nais ng US na madurog ang anti-imperyalistang paglaban ng mamamayan upang mapanatili nito ang Pilipinas bilang estratehikong base sa pagkontrol nito sa Silangan at Timog Silangang Asya.

Nauna sa HSA ay ang Patriot Act of 2001 sa US, 2005 Anti-Terror Law sa Australia, 2006 Terrorism Act sa Britanya, at iba pang kahalintulad na batas sa Denmark, Espanya, Pransya at iba pang bansa. Saan man ipataw ang "gera laban sa terorismo" ay ibayong takot ang inihahasik at ibayong paglaban din ang isinasagot ng mamamayan.

2. Ano ang katangian ng HSA?

Ang HSA ay taliwas sa diwa ng demokrasya at Saligang Batas dahil lalabag ito sa ating mga kalayaang sibil, lalo na ang hinggil sa karampatang proseso.

Kaya't maraming sektor ang nangangamba sa tunay na target ng HSA. Para itong kalawit ni kamatayan sa kamay ng estado, anila, lalo't sa kalagayan na patuloy ang pagkalagas sa hanay ng mga progresibo at militanteng organisasyon na nagpapahayag ng mga paninindigan (na hindi panig sa administrasyon) hinggil sa mga isyung nakaaapekto sa nakararami. Hindi nga ba sa bokabularyo ng "gera laban sa terorismo" – ang pagiging militante ay halos katumbas ng terorismo? Kung magkagayon, layunin ng HSA na bigyang-gulugod sa batas ang sistematikong pagbabalewala ng estado sa mga karapatan na nakasaad mismo sa Saligang Batas.

Maging ang Korte Suprema, sa desisyon nito sa pagbasura sa mga kaso ng rebelyon laban kay Anakpawis Rep. Crispin Beltran at iba pang kapanalig na progresibong party-list ay nagkomento hinggil sa mga iregularidad at pagyurak *ng state prosecutor* mismo sa karampatang proseso.

Sa ilalim ng HSA, at kahit pinagsususpetsahang "terorista" pa lamang, nagpapataw na ang HSA ng kaparusahan at restriksyon sa mga karapatan. Parang binura na rin ng HSA sa konstitusyon ang mga probisyon hinggil sa karapatang sibil, karapatang-tao, proseso at papel ng sistemang hudisyal.

Kung magkagayon, dudulo ang HSA sa pagbusal sa malaya nating paghahayag ng ating mga hinaing at kahilingan.

3. Ano ang mga nilalaman ng HSA?

Bilang instrumento ng ligalisasyon sa sistematikong pag-atake sa mga probisyong nakasaad sa Artikulo 3 ng Konstitusyon hinggil sa mga karapatan ng mamamayan, aman ng HSA ang mga sumusunod;

a. Ang mukha ng terorista at kriminal

Sa batas kontra-terorismo, binigyang mukha ang "terorismo". Pero sa laki ng saklaw nito, sa Seksyon 17, pati komon na krimen ay puwedeng maging gawaing terorismo kung saan ito ay nag-uudyok at lumilikha ng "laganap at di pangkaraniwang takot sa mamamayan upang pwersahin ang gubyerno na ibigay ang isang kahilingang labag sa batas." Ang masakit pa rito, sa paghahain lamang sa anumang rehiyunal na korte sa bansa ng kalihim ng Department of Justice ay puwede nang bansagan ang isang organisasyon na "terorista".

Sa katunayan, magreresulta ang HSA sa pagguho sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at ng Moro Islamic Liberation Front (MILF), Moro National Liberation Front (MNLF) at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Imbes na harapin ang tunay na ugat ng rebelyon ay walang humpay na atake ang ipapataw ng rehimeng US-Arroyo.

Kahit pinagsususpetsahan pa lamang, sa ilalim ng HSA ay parang kriminal na ang turing – puwede nang ipailalim sa pag-aresto nang walang *warrant* o mandamyento, sa pagditine nang walang taning, sa restriksyon sa paglalakbay at komunikasyon, sa *surveillance* at paniniktik, at sa kumpiskasyon ng mga pondo at ari-arian. Nangyayari na ito bago pa man ang HSA, tulad halimbawa sa kaso ng Tagaytay 5, Erap 5, sa pagdukot kay Jonas Burgos atbp. Tingnan ang mga sumusunod na probisyon sa HSA:

Pag-aresto nang walang mandamyento. Nakapaloob ito sa Seksyon 18 ng HSA at ang pagkulong ng tatlong araw nang hindi kinakasuhan sa kautusang pinirmahan ng Anti-Terrorism Council.

Pagditine nang lampas sa tatlong araw. Sa Seksyon 19, Pagpapalawig nang lampas sa tatlong araw na pagditine sa panahong may "aktwal o nakaambang teroristang atake". Malinaw na paglabag ito sa Seksyon 18, Artikulo VII ng Konstitusyon, kung saan nakasaad, "During the suspension of the privilege of the writ, any person thus arrested or detained shall be judicially charged within three days, otherwise he shall be released."

Paglimita sa paglalakbay. Sa Seksyon 26, ililimita ang karapatang maglakbay ng suspek matapos magpyansa sa loob ng kanyang tinitirhang munisipalidad o siyudad, o puwede rin siyang ipailalim sa *house arrest* kung saan bawal ang paggamit ng telepono, computer, internet at iba pang aparatong pangkomunikasyon.

Paninitiktik at surbeylans. Sa Seksyon 7, nakapaloob ang paniniktik at surbeylans sa pinaghihinalaan o inaakusahang indibidwal, mga organisasyong idineklarang terorista at mga indibidwal na myembro nito at maging ang mga pinaghihinalaang kasabwat nila kasama ang pag-usisa sa bank account at iba pang pinansyal na rekord sa utos ng Korte Suprema at ng Court of Appeals. Pero paano makasisiguro sa proseso na may utos mula sa mga institusyong ito kung sa ngayon ay nagagawa na ang paninitiktik at surbeylans ang walang pahintulot mula sa mga ito. Maging ang dating Pangulong Corazon Aquino, Erap Estada at iba pang personalidad ay hindi naging ligtas sa surbeylans.

b. Ang mukha ng tunay na terorista

Konsentrasyon ng kapangyarihan sa kamay ng ATC. Sa Seksyon 53, bubuuin ang Anti-Terrorism Council (ATC) na siyang magpapatupad ng HSA. Kabibilangan ang ATC ng: Executive Secretary, mga kalihim ng Department of Justice, Defense, Foreign Affairs, Interior and Local Government at Finance at ng National Security Adviser. Magsisilbing kalihiman ng ATC ang National Intelligence Coordinating Agency.

Ang mayorya ng miyembro ng ATC ay bahagi ng notoryus na gabinete sa seguridad ng administrasyon – ang Cabinet Oversight Committee for Internal Security (COC-IS) – na sina Eduardo Ermita, Raul Gonzales, Norberto Gonzales na mga utak sa mga mapanupil na polisiya tulad ng Oplan Bantay Laya, Proclamation 1017, calibrated preemptive response at executive order 464. Ang COC-IS din ang nasa likod ng malawakang pamamaslang, pagdukot at sapilitang pagkawala, panunupil at iba pa.

4 Paano sinasagasaan ng HSA ang mga demokratikong karapatan ng mga manggagawa?

Sa gitna ng buhay na mga karanasan ng panunupil at kontra-manggagawang mga polisiya sa mga pabrika at lugar-pagawaan, papatindihin ng HSA ang atake laban sa karapatan ng mga manggagawa.. Sa malawak na depinisyon ng terorismo sa HSA, ang simpleng at lehitimong mga karaingan ng mga manggagawa at ng kanilang mga unyon ay maaaring ituring na gawang terorista. Ilan sa mga karapatan ng mga manggagawa na apektado ang mga sumusunod:

Karapatan sa sama-samang pagkilos. Mula pa noong 2003, nagdeklara na si Arroyo at ang kanyang gabinete na ang progresibong kilusang manggagawa at pakikibaka tulad ng welga ay hakbanging terorista. Hindi sorpresa kung ibayong pag-atake ang mararanasan sa mga welga sa pabrika, tigil-pasada o welgang transportasyon, at barikada ng maralitang tagalungsod na nagdedepensa sa kanilang karapatan sa paninirahan at ituring ang mga ito na gawaing terorista at pananabotahe sa ekonomiya.

Karapatang mag-organisa. Ibayong surbeylans at paninitiktik ng gobyerno ang aasahan sa hanay ng militanteng mga unyon. Gamit ang mga probisyon sa HSA, sasamantalahin ng estado ang pagbakbak sa mga nagsusulong ng tunay na unyonismo.

Karapatan sa makataong kondisyon sa paggawa. Sa gitna ng pamamaslang at pagdukot sa militanteng lider at manggagawa at kasapi ng mga unyon, lalong patitindihin ng HSA ang pagmamalupit sa mga manggagawa lalo't may lisensiya na ang pag-aresto nang walang mandamyento at pagditine ng lampas sa tatlong araw. Bubusalan ng HSA ang mga manggagawa sa paglaban para sa makataong pasahod at kondisyon sa paggawa.

Higit lalo na ang nagpapatupad ng HSA ay ang ATC na silang miyembro rin ng COCIS. Kung noon ay akusadong mga rebeldeng NPA o supporter ng NPA ang mga unyonista katulad sa Robina at Console Farms sa Bulacan, ngayon ay tiyak na gagamitin ng gobyerno ang "terorista" para lalong bigyang matwid ang pag-atake sa karapatan ng mga manggagawa.

Sa buong panahon sa ilalim ng panunungkulan ni Arroyo, kabi-kabilaan na ang ginagawang paglabag sa mga demokratikong karapatan ng mga manggagawa at ang kriminalisasyon ng mga kaso-.

Ibayong lupit ang idudulot nito sa mga polisiyang katulad ng Assumption of Jurisdiction (AJ) at Temporary Restraing Order (TRO). Ang implementasyon ng AJ ay nagresulta na sa Hacienda Luisita Massacre noong 2004 sa desperadong pagtatangka na ipataw ang AJ para pigilan ang pagpapahayag ng mga manggagawa ng kanilang mga hinaing at kahilingan.

Higit ding titindi ang militarisasyon sa komunidad ng maralitang taga-lungsod lalo na sa mga lugar na ibayo ang pagkilos ng maralita para sa karapatan sa paninirahan. Walang dudang titindi rin ang paggamit ng mga barangay police at iba pang paramilitar para tiktikan ang pagkilos ng mamamayan.

5. Sino ang makikinabang sa HSA?

Walang ibang makikinabang sa pagpasa ng batas kontra-terorismo na ito kundi ang rehimeng US-Arroyo. Nagsisilbi ang ibayong panunupil sa pagpapatagal sa panunungkulan ng kasalukuyang administrasyon. Sa konteksto ng resulta ng nagdaang eleksyon – kung saan nag-uumapaw ang botong protesta laban sa administrasyong Arroyo – sisiguraduhin ng HSA ang suporta ng US at ang pagbusal sa mga kritiko nito.
Dagdag na sandata ng rehimeng Arroyo at mga alipuris nito ang HSA upang sagkaan ang ibayong paglakas ng pagkilos ng sambayanang nais magpatalsik sa mapanupil na rehimen. Para sa imperyalistang US, ang HSA sa Pilipinas ay dagdag na pandaigdigan nitong lambat na “gera laban sa terorismo” na sa totoo naman ay lambat laban sa mga kilusang mapagpalaya sa iba’t ibang panig ng daigdig.

6. Anu-ano ang ating mga tungkulin para labanan ang HSA?

Ipaglaban ang pagbabasura sa HSA
Ipalaganap ang diskusyon sa mga pabrika at komunidad hinggil sa HSA
Magtayo ng HR desk sa mga unyon at pederasyon
Pumirma at magpalaganap ng petisyon laban sa has
Tuloy-tuloy na mag-organisa
Maglunsad ng papalaking kilos-protesta hanggang maibasura ang HSA

ECUMENICAL INSTITUTE FOR LABOR
EDUCATION AND RESEARCH, INC.
HUNYO 8, 2007